Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region XI
City Schools Division of Digos
Digos City

Septembre 8, 2017

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 633 s. 2017**

**2017 PANSANGAY TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

Sa Mga: Tagamasid Pandibisyon sa Filipino
Tagamasid Pampurok
Punong-guro ng mga sa Elementarya at Sekondarya

1.) Malugod na ipinababatid sa lahat ang pagdaraos ng 2017 Pansangay Tagisan ng Talento sa Filipino. Ito ay gaganapin sa ika-15 ng September 2017, Kapatagan National High School, Kapatagan, Digos City.

2.) Ang mga sumusunod ay ang nakatalang kompetisyon sa iba't ibang kategorya:

| | |
|---|---|
| Elementarya : | I-ispel Mo |
| Junior High School: | Interpretatibong Pagbasa |
| Senior High School: | Dagliang Talumpati |

3.) Hinikayat ang mga dadalo na magsusuot ng Filipiniana sa pambungad na Palatuntunan.

4.) Ang nakalakip sa magkaibang panid ay ang mga sumusunod:
   a.) Opisyal na Kalahok;
   b.) Pamantayan at Mekaniks sa iba't-ibang paligsahan ay nakalakip sa magkaibang panid.

5.) Ang mga guguling halaga para sa transportasyon ng mga kalahok at iba pang gastusing kaakibat sa naturang gawain at iba pa ay manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa kinagawaing tuntunin sa pagsusuma at awdit.

6.) Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap at pagtalima sa memorandum na ito.

**WINNIE E. BATOON, EdD**
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

DepEd Schools Division of Digos
RELEASED 7679
Date: 11 SEP 2017 Time: 12:17
By:

| | |
|---|---|
| Lupon ng Inampalan | Cherry Rosette Oliva - PSDS (Digos Oriental District)<br>Ferna Renira Alde - PSDS (Digos Oriental District)<br>Analiza Almazan - EPS - LRMDS<br>Zenaida Guya - PSDS (Digos Occidental)<br>Raquel Cedeño - Principal II (Digos City SHS Stand Alone)<br>Ignacia Trondillo - Head Teacher V – DiCNHS Main |
| Tagapagdaloy | Junior HS – Gng. Gina Nazareno - Digos City SHS Stand Alone<br>Mga guro sa KNHS<br><br>Senior HS – Gng. Gemma Gutierez - DiCNHS Main<br>Mga guro sa KNHS<br><br>Quiz Master: G. Ramon Gravino, Jr. - DiCNHS Main<br>Bb. Leah Eran – DiCNHS Main |
| Komitiba | Rehistrasyon : Bb. Liezl Pactao-in - DiCNHS- Igpit Annex<br>Bb. Hilda Palmero - Mati ES<br>Bb. Babette Carbon -Kibanban ES<br><br>Sertipiko: Gng. Cherrie Anne Bohol- J. Alberca ES<br><br>Gamit sa Paligsahan: G. Poncio Sapilan - Rizal CES<br>Tarpaulin: Gng. Marichu Balagtas - DiCNHS Main<br>Gng. Arceli Oding- Don Mariano MES<br><br>Stage/Hall: G. Poncio Sapilan - Rizal CES<br>Gng. Rolit Grace Vibas - Rizal CES<br>Gng. Arceli Oding - Don Mariano MES<br>Mga Guro sa KNHS<br><br>Corsage: G. Francisci Cabrillos - DiCNHS Main<br>Gng. Leda Huerban - San Miguel ES<br>Gng. Razel Belmonte - Bagumbuhay ES<br><br>Tabulation: Gng. Airen Amisola - Digos City SHS Stand Alone<br>G. Cipriano Divinagracia - Ruparan ES<br><br>Token: Gng. Ana Mae Javellana - Mati HS<br>Bb. Gretchen Baguhin - Goma HS<br><br>Teknikal na Kagamitan: Gng. Niera Alba - Ruparan NHS<br><br>Tagabantay ng Oras: Bb. Liezl Pactao-in - DiCNHS-Igpit Annex<br><br>Pagkain: Gng. Lolita Enfesta - Ramon Magsaysay CES<br>Gng. Sinamar Cañonera - Isaac Abalayan ES |

**Elementarya: Iispel Mo**

1.) Isang pampurok na kalahok na magmumula sa Inaanim na Baitang (Grade 6) ang inaasahang dadalo sa Pansangay na Paligsahan.

2.) Ang mga mag-aaral ay kinakailangang nakasuot ng puting t-shirt at maong pants sa panahon ng paligsahan.

2.) Ang mga salitang gagamitin ay batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksiyonaryong Filipino.

Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
REHIYON XI
Lungsod ng Dabaw
Tanggapang Panrehiyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Telefax Numbers: (082) 227-1102; 227-9342 (Trunkline) 225-8495
221-9428; 227-8025; 222-2617; 227-0941; 221-1210; 221-8435

Website: http://www.region11.deped.gov.ph
SED Email Address: sed.depedll@gmail.com

July 31, 2017

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 215, s. 2017

**PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!**

Sa mga: Tagapamanihalang Pansangay

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! para sa lahat ng nasa publiko at pribadong paaralan na mga guro at mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya.

2. Layunin ng Paligsahan na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapataas ng antas at kalidad ng wikang Filipino para sa wastong ispeling ng mga salita gamit ang bagong ortograpiyang pambansa.

3. Ang eliminasyon ng paligsahan sa division level ay isasagawa kasabay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ngayong Agosto 2017 at ang regional level naman ay isasagawa kasabay sa Regional Festival of Talents (RFOT) ngayong buwan ng Oktubre 2017. Ang national level ay magsisimula ng 28 Nobyembre at magtatapos ng 30 Nobyembre 2017, na gaganapin sa National Educators Academy of the Philippines (NEAP), DepEd-NCR, Lungsod ng Marikina, Metro Manila.

4. Kalakip nito ay ang mga iba pang detalye o impormasyon.

5. Ang mga gastusin ng regional winner at dalawang (2) kasama (isang magulang at tagapagsanay) para sa national level katulad ng tatlong (3) araw na pagkain at pagtuloy sa NEAP Marikina at mga papremyong cash, plake at tropeo ay sasagutin ng KWF. Samantalang ang gastusin naman para sa pamasahe ng mag-aaral at tagapagsanay ay kukunin mula sa lokal na pondo ng kaniyang paaralan.

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. ESCOBARTE, CESO III**
Regional Director

DEPARTMENT OF EDUCATION RO XI
RECORDS SECTION
RELEASED
By:
Date: 8/3/17 Time:

Sanggunian: Lihan mula sa KWF

ROC9/clmd/mpvallejo

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

18 Hulyo 2017

DEPARTMENT OF EDUCATION ROXI
RECORDS SECTION
RECEIVED
By: 1707-2780
Date: 7.20.17 Time: 1:46

**Atty. ALBERTO T. ESCOBARTE**
Panrehiyong Direktor
DepED, R- XI
F. Torres Street, Lungsod Davao

**Mahal na Direktor Escobarte:**

Magalang naming hinihiling ang inyong tulong at pakikiisa sa pamamagitan ng pagpapalabas ng **Memorandum Panrehiyon** ng **Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!** para sa pakikilahok ng lahat ng nasa publiko at pribadong paaralan na mga guro at mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementarya ng inyong rehiyon.

Layunin ng Paligsahan na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapataas ng antas at kalidad ng wikang Filipino para sa wastong ispeling ng mga salita gamit ang bagong ortograpiyang pambansa.

Ang eliminasyon ng paligsahan ay isasagawa sa division level para sa kinatawan ng rehiyon at maglalaban-laban ang mga kinatawan ng bawat rehiyon sa national level na magsisimula ng 28 Nobyembre at magtatapos ng 30 Nobyembre 2017, na gaganapin sa National Educators Academy of the Philippines (NEAP), DepED- NCR, Lungsod Marikina, Metro Manila.

Magkakaloob ng papremyong cash, plake, at tropeo ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa mga mananalo at tagapagsanay sa national level. Gayundin, sasagutin ang tatlong (3) araw na gastusin sa pagkain at pagtuloy sa NEAP ang mga nanalo sa rehiyon at dalawang (2) kasama (isang magulang at tagapagsanay) ng kalahok. Samantala, pagtutulungan ng KWF at Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ang pangangasiwa at pagsubaybay sa paligsahan na isasagawa sa buong bansa.

Kalakip nito, ang DepED ADVISORY No. 166, s. 2017 na may petsang 14 Hulyo 2017 at ang Pamantayan sa Pambansang Paligsahang ito.

Para sa iba pang mga tanong o paglilinaw, mangyaring tumawag sa telepono bilang (02) 243-9789; 736-2519 o cp no. 0908 697 8491 at hanapin si Bb. Sandor B. Abad o sumulat sa sandorabad1210@gmail.com

Lubos na sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist**
Tagapangulo

2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736.3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komisyonsawikangfilipino@gmail.com

Advisory No. 166, s. 2017
Hulyo 14, 2017
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!
NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magsasagawa ng *Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!* mula Hunyo hanggang Nobyembre, 2017.

Ang layunin ng Paligsahan ay ang mga sumusunod:

1. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
2. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
3. mapalaganap ang mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

Ang maaring lumahok ay mga mag-aaral sa Baitang 6 sa tulong at suporta ng mga guro, superbisor, at tagapamanihala ng mga paaralan sa bawat sangay ng 18 na mga rehiyon sa buong bansa.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Bb. Sandor B. Abad
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson
  1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
  Telepono: (02) 243-9789; (02) 736-2519
  Telefax: (02) 516-0326
  Mobile: 0908-697-8491
  Email: sandorabad1210@gmail.com; komfil@kwf.gov.ph
  Website: www.kwf.gov.ph

- Bb. Gloria I. Alday
  Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
  Telepono: (02) 443-1860
  Mobile: 0928-754-8418; 0977-499-1386; 0998-860-6104

MCDJ/Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!
0480- June 30/July 11, 2017

# PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN

## DESKRIPSIYON NG PALIGSAHAN

1. Ang paligsahan ay pambansa at tatawaging **Iispel Mo**.
2. Magkatuwang na isasagawa ng Sangay ng Salin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF); at
3. Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL).
4. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang (Grade 6) sa antas elementary ng mga paaralang publiko at pribado.
5. Magsisimula ang paligsahan mula sa eliminasyon sa division level at ang mananalo ang magiging kinatawan ng bawat rehiyon na sila ang maglalaban-laban para sa national level na isasagawa sa:

   **28- 30 Nobyembre 2017**
   **National Educators Academy of the Philippines (NEAP), DepED- NCR**
   **Cepeda Street, Brgy. Concepcion, Lungsod Marikina, Metro Manila**

6. Magkakaloob ang KWF ng papremyong cash, plake, tropeo, at sertipiko para sa mga mananalo sa national level.
7. Magkakaloob din ang KWF ng medalya at sertipiko para sa mga mananalo sa regional level.
8. Pangangasiwaan ng Kalupunan ng mga Direktor ng KASUGUFIL ang pagsubaybay sa isasagawang paligsahan sa regional level para sa ebalwasyon nito.
9. Magkatuwang na pangangasiwaan ng Sangay ng Salin ng KWF at pamunuan ng KASUGUFIL ang kulminasyon ng paligsahan.

## PARAAN NG PALIGSAHAN

A. Kalipikasyon

1. Isang (1) kalahok sa bawat paaralan maaaring mula sa publiko o pribado ang pinapayagan sa division level, ang mananalo sa division level ang magiging kinatawan sa regional level at ang mananalo sa regional level ang kakatawan sa region sa national level ng paligsahan.
2. Taglay ang sumusunod:
   - 2.1 nasa Ikaanim na Baitang (Grade 6) at may mabuting katayuan sa paaralan na pinatutunayan ng kaniyang prinsipal;
   - 2.2 nakahandang sumunod sa mga panuntunan at patakaran ng paligsahan.
3. Bawat rehiyon ay bubuoin ng tatlong (3) delegado na kalahok
   - 3.1 isang (1) mag-aaral na kakatawan sa rehiyon
   - 3.2 isang (1) tagapagsanay (coach)
   - 3.3 isang (1) magulang/guardian ng mag-aaral

B. MGA KAHINGIAN

Ang mga kahingian para sa Pambansang Paligsahan ay kailangang maisumite sa Komisyon sa Wikang Filipino sa email address sandorabad1210@gmail.com o sa KASUGUFIL sa email address anniescabuhat@gmail.com sampung (10) araw bago ang aktuwal na paligsahan sa 28-30 Nobyembre 2017.

1. Dalawang (2) kopya ng sinagutang Pormularyo ng Kalahok mula sa Regional Level; at
2. Isang (1) kopya ng Sertipiko na nag-eendoso ng kalahok mula sa Regional Director o Superintendent ng paaralan pinanggalingan ng kalahok.

C. KRAYTERYA SA PAGHATOL

1. Ang KWF/KASUGUFIL ang maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksiyonaryong Filipino.

2. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.
3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| MADALI | - 10 aytem | x 2 puntos | = | 20 puntos |
| KATAMTAMAN | - 10 aytem | x 3 puntos | = | 30 puntos |
| MAHIRAP | - 10 aytem | x 5 puntos | = | 50 puntos |
| | | KABUOAN | = | 100 puntos |

4. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.
5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling **Pambansang Kampeon ng Iispel Mo!.**
6. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher.
7. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   7.1 Maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos.
   7.2 Ang makakukuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakukuha ng puwestong pinaglalabanan.
   7.3 Sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos.
   7.4 Magkakaroon ng knock-out round.
8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago.

D. MGA GANTIMPALA

1. Pagkakalooban ng medalya at sertipiko ang bawat mananalo sa regional level mula sa KWF.
2. Ipagkakaloob ng KWF sa mga mananalo sa national level ang sumusunod:

2.1 SA MAG-AARAL

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2.1.1 | Unang Gantimpala | - | PHP35,000.00 at sertipiko; tropeo para sa rehiyon |
| 2.1.2 | Ikalawang Gantimpala | - | PHP25,000.00 at sertipiko; plake para sa rehiyon |
| 2.1.3 | Ikatlong Gantimpala | - | PHP15,000.00 at sertipiko; plake para sa rehiyon |
| 2.1.4 | Ikaapat na Gantimpala | - | PHP10,000.00 at sertipiko; plake para sa rehiyon |
| 2.1.5 | Ikalimang Gantimpala | - | PHP5,000.00 at sertipiko; plake para sa rehiyon |

2.2 SA TAGAPAGSANAY

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2.2.1 | Unang Gantimpala | - | PHP7,000.00 less 13% tax at sertipiko |
| 2.2.2 | Ikalawang Gantimpala | - | PHP5,000.00 less 13% tax at sertipiko |
| 2.2.3 | Ikatlong Gantimpala | - | PHP3,000.00 less 13% tax at sertipiko |
| 2.2.4 | Ikaapat na Gantimpala | - | PHP2,000.00 less 13% tax at sertipiko |
| 2.2.5 | Ikalimang Gantimpala | - | PHP1,000.00 less 13% tax at sertipiko |

3. Pagkakalooban ng KWF ang lahat ng rehiyon na may kalahok ng Plake ng Pagpapahalaga.

E. IBA PANG DETALYE TUNGKOL SA PALIGSAHAN

1. Ang mga delegado sa Iispel Mo! ay inaasahang darating sa venue ng paligsahan simula **ala una ng hapon (1:00NH)** sa **28 Nobyembre 2017**.
2. Ang Pambukas na Palatuntunan ay gaganapin sa 8:00NU, 29 Nobyembre 2017.
3. Ang tatlong (3) araw na pagkain at akomodasyon ay sasagutin ng KWF. Ang unang pagkain ay magsisimula sa meryenda sa hapon ng 28 Nobyembre at ang huling pagkain ay sa pananghalian ng 1 Disyembre 2017.
4. Hinihikayat ang mga delegado na magsuot ng kanilang panrehiyonal na kasuotan sa Pambungad na Palatuntunan. Gayundin, ang mga mag-aaral ay kinakailangang nakasuot ng putting t-shirt at maong pants sa araw ng paligsahan sa 30 Nobyembre 2017.

## Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!

Hunyo- Nobyembre 2017
National Educators Academy of the Philippines (NEAP), DepED- NCR
Cepeda Street, Brgy. Concepcion, Lungsod Marikina, Metro Manila
**DepED ADVISORY No. 2017- 166, s. 2017**
na may petsang 14 Hulyo 2017

**PORMULARYO NG PAGPAPATALA NG KALAHOK**
(Registration Form)

PANGALAN ______________________________________________
(Una) (Gitna) (Apelyido)

KASARIAN (Paki-tsek) BABAE ________ LALAKI ________ EDAD ________

PETSA NG KAPANGANAKAN __________ LUGAR ____________________

ADRES NG TIRAHAN ______________________________________
______________________________________

Tel. Nos. Landline ____________ Celphone Nos. ____________ Email ________

PAARALAN ______________________________________________

ADRES NG PAARALAN _____________________________________

SANGAY ______________________________ REHIYON __________

PANGALAN NG TAGAPAGSANAY (COACH) ______________________

ADRES ____________________________ Celphone Nos. __________

PICTURE

LAGDA ______________

PETSA ______________

Ipadala sa adres:
Sandor B. Abad
Komisyon sa Wikang Filipino
2/F Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street
Malacañang Complex, San Miguel, Manila
Email ad: sandorabad1210@gmail.com & www.kwf.gov.ph/komfil@kwf.gov.ph

**REGIONAL MEETING OF THE DIVISION EDUCATION PROGRAM SUPERVISORS INCHARGE OF FILIPINO AND MTB-MLE**

July 12, 2017 at Waling-Waling Hall, DepED Regional Office XI, F. Torres St., Davao City.

# PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

## KATEGORYA:

1. Dagliang Talumpati
2. Interpretatibong Pagbasa

## NG TALUMPATI

**PATNUBAY SA PAGLAHOK**

**A. Kalahok**

1.Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa Senior High School

2. Ang nararapat lumahok sa patimpalak ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino

3. Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay

**B. PANUNTUNAN**

1. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan

2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati

3. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | |
|---|---|
| 1-30 segundo | - .5 puntos |
| 31-60 segundo | - 1 puntos |
| 61 segundo – pataas | - 2 puntos |

4. Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.

5. "*Corporate attire*" ang inaasahang kasuotan ng kalahok

AN

**Katapatan – (35%)**

| | |
|---|---|
| *Kaugnayan sa paksa* | – 20% |
| *Pagbibigay diin o damdamin* | – 15% |

**Hikayat – (25%)**

| | |
|---|---|
| *Dating sa madla* | – 5% |
| *Kakanyahang pantanghalan* | – 5% |
| *Kilos, galaw, kumpas* | – 10% |
| *Expresyon ng mukha* | – 5% |

**Tinig - (20%)**

| | |
|---|---|
| *Lakas* | – 5% |
| *Taginting* | – 5% |
| *Kaangkupan ng diwa at damdamin* | – 10% |

**Bigkas - (20%)**

| | |
|---|---|
| *Matatas at maliwanag* | – 10% |
| *Wastong pagbubukod ng sa...* | |
| *Diin/himig* | |

## 2. INTERPRETATIBONG PAGBASA

(Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

OK

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral sa Junior High School na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino
3. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/ tagapagsanay

AN

1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok
3. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
4. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda

5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampunu minuto; susundin ang paraang ito hanggang sa huling kalahok.

6. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isang pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin .

7. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa

8. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt

9. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok

10. Walang anumang "*props*" o kagamitan, *background music* o instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok

11. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang *adlib*

**...AN**

- **Katapatan – 40%**
  - Pagpapalutang ng diwa - 20%
  - Pagbibigay–diin sa damdamin - 20%
- **Hikayat – 20%**
  - Pang-akit sa madla - 5%
  - Pagbibigay buhay sa tauhan - 5%
  - Tindig - 5%
  - Kumpas/Kilos - 5%
- **Bigkas – 20%**
  - Matatas at maliwanag - 10%
  - May pagbubukod-bukod ng mga salita - 5%
  - May wastong diin at intonasyon - 5%
- **Tinig – 20%**
  - Lakas - 5%
  - Taginting - 5%
  - Kaangkupan ng diwa at damdamin - 10%

**...A:**

- ❖ **Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang *electronic gadgets* sa *holding area* at sa buong panahon ng pagtatanghal.**
- ❖ **Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa *holding area*.**
- ❖ **Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.**
- ❖ **Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.**

**KASUNDUAN: ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.**

# PANREHIYONG PISTA NG KATALINUHAN (FILIPINO)

MEKANIKS:

1) Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa Baitang 7 o Baitang 8
2) Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay yaong mga nanalo sa Pandibisyong Tagisan ng Talino sa Filipino 2015
3) Ang Tema at uri ng genreng susulatin ay ibibigay sa araw ng paligsahan
4) Ang malikhaing pagsusulat ay tatagal ng dalawang (2) oras